


Buod ng Ordinansa sa mga Independenteng Proteksyon sa Kontratista

Ang naisalin na bersyon ng dokumento na ito ay makukuha kapag hiniling sa: (206) 256-5297.

Ang Ordinansa ng Independenteng Proteksyon sa Kontratista ng Seattle (Seattle's Independent Contractor Protections Ordinance) ay nangangailangan ng pagsakop sa Pagtanggap ng mga Tauhan upang maibigay sa mga Independenteng Kontratista ang mga nakasulat na paunawa bago pumasok sa isang kontrata at sa oras ng pagbabayad. Ang mga Independente na Kontratista ay dapat na bayaran sa o bago sa petsa na kakailanganin ang pagbabayad na sumasailalim sa mga patakaran ng kontrata, ang mga patakaran ng pre-contract disclosure, o sa loob ng 30 araw.



Sakop

Alin sa mga manggagawa ang sakop ng batas na ito?


Ang Independente na Kontratista ay sa sarili nagtatrabaho na tao na kinukuha ng Tumatanggap ng Tauhan para magbigay ng mga serbisyo kapalit ng kabayaran. Nalalapat ang batas na ito sa lahat ng mga Independenteng Kontratista na may ilang mga pagbubukod¹ na nakalista sa ibaba.

Aling mga kompanya ang sakop ng batas na ito?

Nalalapat ang batas na ito sa Mga Tumatanggap ng Tauhan nang regular na nakikibahagi sa negosyo o komersyal na aktibidad, kabilang ang mga negosyo na hindi pang-kalakal.

Anong trabaho ang sakop ng batas na ito?

Ang pagsakop ng batas na ito sa nakakontratang trabaho ay depende sa katangian ng mga serbisyo at halaga ng mga serbisyo.



¹ Ang mga Independente na Kontratista na hindi sakop ng batas na ito ay ang mga abogado, mga tagapagmaneho ng Transportation Network Company (hal., mga tagapagmaneho ng Uber at Lyft), mga sitwasyon kung saan ang relasyon ng Independente na Kontratista sa isang Pagtanggap ng Tauhan ay limitado sa isang kasunduan sa pangungupahan ng lugar (hal., hair stylist na umuupa ng booth sa isang salon), at iba pang Independente na Kontratista gaya ng tinukoy ng panuntunan ng Direktor ng Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle (Seattle Office of Labor Standards, OLS). Magpalista para sa [Newsletter ng OLS](#) o tignan ang website ng OLS para sa mga pag-update sa: www.seattle.gov/laborstandards.

Mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle

Ang dokumento na ito ay nagbibigay ng paliwanag ng batas. Tanda: Ang impormasyon na binigay ng Mga Pamantayan sa Paggawa ay hindi nagsisilbi bilang isang legal na pagpapayo, paglikha ng desisyon ng isang ahensya, o pagbuo ng pribilehiyo pang abogado-kliyente sa mga nagbabasa. Ito ay hindi nararapat na gamitin bilang pamalit sa mga batas at mga regulasyon.

Mga Kakailanganin

Napapanahon na mga Pangangailangan sa Pagbabayad



Pagtanggap ng mga Tauhan ay dapat magbigay ng "napapanahon na kabayaran" para sa Independenteng Kontratista sa ilalalim ng:

- 1) ang mga tuntunin ng kontrata;
- 2) ang mga tuntunin sa nakasulat na paunawa sa trabaho; o
- 3) sa loob ng 30 araw.

Mga Kinakailangan sa Pagbubunyag


Dapat ibigay ng mga Tumatanggap ng Tauhan ang sumusunod na mga nakasulat na paunawa Bago Magtrabaho at tungkol sa Naka-itemize na Impormasyon sa Pagbabayad sa lahat ng sakop na mga Independente na Kontratista. Maaring gamitin ang mga template ng paunawa na nasa aming [website dito](#).

1. Mga Kinakailangan sa Nakasulat na Paunawa Bago Magtrabaho



- | | |
|--|---|
| ▪ <i>Petsa</i> | ▪ <i>Batayan sa pagbabayad</i> |
| ▪ <i>Pangalan ng Independente na Kontratista</i> | ▪ <i>Mga tip at/o patakaran sa pamamahagi ng singil sa serbisyo</i> |
| ▪ <i>Pangalan ng Tumatanggap ng Tauhan + impormasyon ng kontak</i> | ▪ <i>Mga gastos ng trabaho at kung alin ang ibabalik ng Tumatanggap ng Tauhan</i> |
| ▪ <i>Paglalarawan ng trabaho</i> | ▪ <i>Pagbabawas, mga bayad at mga halaga</i> |
| ▪ <i>Lokasyon ng trabaho</i> | ▪ <i>Iskedyul ng pagbabayad</i> |
| ▪ <i>Halaga o mga halaga ng bayad</i> | |

2. Mga Naka-itemize na Impormasyon sa Pagbabayad



- | | |
|--|---|
| ▪ <i>Petsa</i> | ▪ <i>Mga tip, kabayaran at/o mga distribusyon ng singil sa serbisyo</i> |
| ▪ <i>Pangalan ng Independente na Kontratista</i> | ▪ <i>Batayan sa pagbabayad</i> |
| ▪ <i>Pangalan ng Tumatanggap ng Tauhan</i> | ▪ <i>Mga gastos na ibabalik ng Tumatanggap ng Tauhan</i> |
| ▪ <i>Paglalarawan ng mga serbisyo na sakop ng pagbabayad</i> | ▪ <i>Kabuuan na kabayaran</i> |
| ▪ <i>Lokasyon ng mga serbisyo na sakop ng kabayaran</i> | ▪ <i>Mga bawas</i> |
| ▪ <i>Halaga o mga halaga ng bayad</i> | ▪ <i>Neto ng kabayaran pagkatapos ng mga pagbabawas</i> |

Mga mapagkukunan

Para sa mga kasalukuyan na mga pag-update, bisitahin ang aming website o magsign-up para sa aming newsletter sa:

www.seattle.gov/laborstandards. Basahin pa ang tungkol sa mga Proteksyon ng Ordinansa ng Independenteng Kontratista, dito: <http://www.seattle.gov/laborstandards/ordinances/independent-contractor-protections->

MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG SEATTLE

Ang aming misyon ay ang pagsulong ng mga pamantayan sa paggawa sa pamamagitan ng mapagmalasakit na pakikibahagi ng komunidad at negosyo, estratehikong pagpapatupad at malikhaing pagpapaunlad ng polisiya, nang may pagtuon sa katarungang panlahi at panlipunan.

Aming mga Serbisyo

Imbestigasyon ng mga reklamo
Pakikipag-ugnayan sa mga manggagawa
Teknikal na tulong para sa negosyo
Mga sanggunian at mga referral

Nag-aalok ng mga interpretasyon at pagsasalin ng wika. Nagbibigay ng mga akomodasyon para sa mga taong may kapansanan. Libre ang mga serbisyo.

Karagdagan na Impormasyon

Tumawag sa: (206) 256-5297
E-mail: laborstandards@seattle.gov
Bisitahin: seattle.gov/laborstandards

Mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle

Ang dokumento na ito ay nagbibigay ng paliwanag ng batas. Tanda: Ang impormasyon na binigay ng Mga Pamantayan sa Paggawa ay hindi nagsisilbi bilang isang legal na pagpapayo, paglikha ng desisyon ng isang ahensya, o pagbuo ng pribilehiyo pang abogado-kliyente sa mga nagbabasa. Ito ay hindi nararapat na gamitin bilang pamalit sa mga batas at mga regulasyon.